

# Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan \_\_\_\_\_ Petsa \_\_\_\_\_ Marka 25

## Mga sagot sa Tambalang Salita

*Panuto:* Isulat sa patlang ang tambalang salita na bubuo sa bawat pangungusap. Pumili sa mga tambalang salita sa kahon.

labas-pasok	buto't-balat	hanapbuhay	bagong-luto	balitang-kutsero
sulat-kamay	kapit-tuko	pusong-mamon	ulilang-lubos	lakas-loob
bunsong-anak	bukod-tangi	hatinggabi	tabing-dagat	kapuspalad
sirang-plaka	taos-puso	basag-ulo	biglang-yaman	abot-tanaw
sampay-bakod	humigit-kumulang	abot-kaya	inang-wika	takdang-aralin

1. Ang dating mamahaling gamot ay abot-kaya na ngayon.
2. Hatinggabi na ang uwi si Ron mula sa kanyang trabaho sa *call center* kaya matulog ka na.
3. May ginataan na bagong-luto sa kusina kaya magmerienda muna tayo.
4. Natapos mo ba ang ating takdang-aralin sa Sibika at Kultura?
5. Huwag kang maniwala sa tsismis dahil mga balitang-kutsero ang maririnig mo.
6. Ano ang hanapbuhay ng tatay mo sa Saudi Arabia?
7. Pusong-mamon si Rina kaya madali siyang umiyak kapag nanonood ng drama.
8. Kailangan mo ng lakas-loob kung sasabihin mo sa kanya ang katotohanan.
9. Si Maria ang nagsulat ng liham na ito dahil alam ko ang kanyang sulat-kamay.
10. Apat ang anak ni Aling Nena at si Pedring ang kanyang bunsong-anak.
11. Taos-puso ang pasasalamat ng biktima ng krimen sa mga taong tumulong upang maligtas siya.
12. Bawal ang labas-pasok ng silid-aralan habang hindi pa natatapos ang pagsusulit.
13. Naku, biglang-yaman ang mag-anak ni Tess dahil nanalo siya sa Lotto!
14. Kapit-tuko ang bata sa kanyang tatay habang nakasakay sila sa motorsiklo.

15. Dahil hindi mo sinusunod ang sinasabi ng nanay mo, para tuloy siyang sirang-plaka kapag pinagsasabihan ka.
16. Abot-tanaw ang Bundok Isarog mula sa aming bahay sa bayan ng San Mateo.
17. Mukhang uulan na kaya kunin mo na ang mga sampay-bakod mo sa labas.
18. Nanalo sila sa paligsahan dahil bukod-tangi ang kanilang pag-awit.
19. Huwag kang sumali sa basag-ulo ng mga lasing sa labas ng tindahan.
20. Tungkulin natin ang tulongan ang mga kapuspalad sa ating pamayanan.
21. Malusog si Andres ngunit dahil sa matinding sakit, malaki ang pinagbago ng katawan niya at buto't-balat na lang siya ngayon.
22. Ibinalita sa telebisyon na humigit-kumulang sa isang libong tao ang sumali sa nakaraang *Earth Day Run*.
23. Malungkot isipin na walang magulang o kamag-anak na kasama si Crispin tuwing Pasko dahil siya ay ulilang-lubos .
24. Hinihintay ka na ng tatay mo sa tabing-dagat at tuturuan ka raw niya kung paano humuli ng isda.
25. Magaling magsalita ng Inggles si Jose subali't Tagalog ang kanyang inang-wika .

Talâ: tambalang salita - *compound word*